# BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



nasa loob

EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5

Salamat Gob HELP column p 2


## Halaga ng mga gusali, lupa at pananim ayon sa Provincial Assessor

Basahin sa pahina 6-8

# Spot check ng CPC 6 projects sa CNorte isinagawa ng UNICEF

Isang *spot check* sa kaayusan ng *internal controls* at tamang talaang pinansyal ng pamahalaang panlalawigan kaugnay sa implementasyon ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)*, ang isinagawa noong Agosto 4-7, 2008

*(Sundan sa pahina 3)*



*Isinagawa ng pamahalaang panlalawigan ang mga patimpalak sa selebrasyon dito ng Buwan ng Wika tulad ng Maikling Pagkukwento, Balagtasan at Sabayang Pagbigkas na nilahukan ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang elementarya at/o sekondarya rito; Ang hepe ng MASCD-G.O. na si MC II Abel C. Icatlo (ikalawa mula sa kaliwa) at Prof. Reynaldo V. de Vera Jr. (pang-anim mula sa kanan) ng CNSC at Coordinator-UST HAIKU Group ay kabilang sa mga pangunahing hurado sa 3rd Pinoy HAIKU Contest gayundin sina Mariecar Manlapaz at Aida B. Pandeagua ng MASCD (ikalawa at ikatlo mula sa kaliwa) at ilang guro ng CNSC.*

# CNorte nakiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Ipinalabas kamakailan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2008-16 na nag-aatas sa lahat ng mga pambansang tanggapan, kawanihan, kagawaran, ahensya at instrumentaliti, pamahalaang panlalawigan ,at lahat na pribadong tanggapan na gamitin ang Wikang Filipino sa lahat na opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya sa panahon ng paggunita sa Buwan ng Wika ngayong Agosto 2008.

Kaugnay nito, isinagawa ng pamahalaang panlalawigan ang mga angkop na programa at gawain bilang pakikiisa sa naturang pambansang selebrasyon na nakatuon sa temang, "Wika Mo, Wikang Filipino, Wika ng Mundo, Mahalaga". Kaalinsabay rin dito ang paggunita sa ika-130 taong anibersaryo ni Gat Manuel L. Quezon, ang Ama ng Wikang Pambansa. Pinangangasiwaan ito ng Sangay ng Museyo, Sinupan at Panulukan na pinamu-

*(Sundan sa pahina 9)*




# Mga katangi-tanging nagawa ng PCSSD



Col. Ramon P. Dominguez
Provincial Warden

Nakapagsagawa nang maraming katangi-tanging programa at proyekto ang *Provincial Custodial Security Services Division- Governor's Office (PCSSD-G.O.)* simula Enero 1, 2008 hanggang Hunyo 30, 2008 sa ilalim ng pamumuno ni *Col.* Ramon P. Dominguez *(Ret.)* na nagsimulang manungkulan bilang *Provincial Warden* noon lamang Enero 3, 2008.

Una rito ang pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo sa mga detenido tulad ng mga susunod: pagpapagamot sa 11 detenido sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH);* libreng gupit sa 364 detenido sa tulong ni Ochie Tolentino at mga *beauticians* ng Kagayunan Salon; 78 ang nabunutan ng ngipin sa *dental mission* na magkabalikat na isinagawa sa ilalim ng programa ng *RTC Branch 41* sa pamumuno ni **Hukom Arniel A. Dating** at **Atty. Nestor Buque** ng *Integrated Bar of the Philippines (IBP)*, sa pakikipag-ugnayan kina Dr. Arnulfo G. Salagoste, *Provincial Health Officer (PHO)* ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* at kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na isinakatuparan naman nina Dr. Jeff Pabico at kasamahan nito.

Handa na rin ang may 27 detenido na kabilang sa *Literacy Program* na sumailalim sa *acceleration test* na ibibigay ni Melita A. Carranceja, *district alternative learning system coordinator for Camarines Norte,* at; ang pagpapaunlad sa buhay-ispiritwal ng mga detenido na isinusulong sa pamamagitan ng *Divine Mercy Parish* (Alawihao) at *Oblate Sisters (Holy Trinity Cathedral)* maliban pa sa 6 na samahang panrelihiyon.

Layunin din ng *PCSSD* na makaipon ng 800 *t-shirts* para mabigyan ng tigda-dalawang piraso ang mga detenido bilang uniporme. Nakakalap na ito ng 84 *t-shirts* sa kasalukuyan.

Pinaigting nito ang seguridad sa loob ng *CNPJ* sa pamamagitan ng reklasipikasyon ng mga detenido batay sa krimen at kasong kinasangkutan nila gayundin ang paghihiwa-hiwalay sa mga hinihinalang miyembro ng *'power groups'* at *'brokers of power'* para hindi sila makaimpluwensya, makapagplano at makapagsagawa ng gulo sa piitan. Pinahigpit din nito ang regular na pagsisiyasat *(searching)*, pagkandado at pagbibilang sa mga detenido kasama na ang pagbabantay para hindi makapagpasok ng mga kontrabando sa *CNPJ*.

Tapos na rin ang konstruksyon ng selda para sa mga kababaehan, maysakit at menor de edad, at isinaayos din nito ang tanggapan na ginagamit ng mga hukom, abogado at iba pang matataas na opisyal na sumusubaybay sa kaso ng mga detenido. Nakikipag-ugnayan din ito sa *Geo-Vision,* kumpanyang eksperto sa paglalagay ng *surveillance camera* na bibilhin nito sa hinaharap para mapahigpit ang seguridad sa *CNPJ* sa kabila ng kakulangan sa bilang ng mga *security guards*. Inaasahan namang maisasagawa sa

(Sundan sa pahina 8)






*Kabilang sa mga proyekto sa Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ) na ipinatutupad ni Provincial Jail Warden Col. Ramon P. Dominguez (Ret.) upang maging maayos ang kalagayan ng mga detenido roon ay ang pagbibigay sa kanila ng libreng gupit sa tulong ni Ochie Tolentino at mga beauticians ng Kagayunan Salon; Isinasagawa rin sa CNPJ ang literacy program para sa mga detenido sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang non-government organizations tulad ng Junior Chamber International (JCI)-Camarines Norte Chapter .*

## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| Aug. 1 | Francisco Galego—VP of Buhay Mo, Buhay Ko Brotherhood Association for Medical Assistance of their President who was injured in a motor accident last July 25, 2008 | 1,000.00 |
| | Vicente Elnar of Liga ng mga Barangay of Paracale for the Multi– Barangay Fiesta Souvenir Program 2008 | 2,000.00 |
| | Ailyn Landicho of Daet for her studies at the Philippine Science High School | 2,000.00 |
| 4 | Marilou Lopez, team coach of Stone Gold Team for a Basketball Tournament | 500.00 |
| 5 | Jomari Ibana, team coach of YCC-Youth Citizens Council Midget Division of Brgy. IV, Daet for a Basketball Tournament | 500.00 |
| | Ruel Montuya of Brgy. I, Council of Daet for a Basketball Tournament | 500.00 |
| | Evenezer Marqueses of "SITUK GAYAB team" of Brgy. Gahonon for a Basketball Tournament | 500.00 |
| 7 | Nerbert Yanesa, Captainball of Purok 6, Brgy. I, Daet for a Basketball Tournament | 500.00 |
| | Kgd. Rey Mago of Brgy. Malangcao-Basud, Labo for a basketball Tournament in their Barangay | 1,000.00 |
| | Valeriano Lola, Jr. of Purok 3, Brgy. Calangcawan Sur, Vinzons for a Basketball Tournament | 500.00 |
| 11 | Kgd. Melanie J. Gonzales of Brgy. Hamoraon, Mercedes for a Basketball Tournament | 500.00 |
| | Rossana Flordeliz of Larap National High School for the purchase of additional instrument for their DLC as per request of Ms. Marian O. del Rosario | 10,000.00 |
| | Salvador Samonte of Brgy. Pinagwarasan, Basud for Blood Chem. Processing for Rowena A. Cuadra | 500.00 |
| | Kgd. Luz Bermas of Brgy. Caringo, Mercedes for Legal matters | 500.00 |
| 12 | Emma Agsamusan of Brgy. San Vicente for the tuition fee of Elma Rosa Agsamusam of CNSC | 2,610.00 |
| | Azucena Imperio of Brgy. San Rafael, J. Panganiban for Burial Assistance to Dennis Imperio | 1,000.00 |
| | Enrico San Juan, Head Coach of Brgy. Lugui, Labo for a Basketball Tournament | 500.00 |
| | Kgd. Chito Odrigo, Sr. of Brgy. Napaod, Labo for Prizes to their Amateur Singing Contest | 1,000.00 |
| | Marilyn Solares of Brgy. Pastoral Council Coordinator of Brgy. San Roque, Mercedes for the renovation of their Chapel | 500.00` |
| | PB Jimmy Garlitos of Brgy. Malibago, Labo for their fiesta activities | 1,000.00 |
| | Kgd. Norberto B. Villafranca of Brgy. Bagong Silang 3, Labo for Prizes to their Amateur Singing Contest | 4,000.00 |
| | Rudy M. Diezmo, Municipal Purok Fed. President of Brgy. Mancruz, daet for their Brgy. Beautification contest | 2,000.00 |
| 15 | PB Rolando B. Yanto of Brgy. Calabasa, Labo for the Karantahan sa Barangay | 500.00 |
| 19 | Rowena C. Calvelo of MBSRA, Bagong Silang I, Labo for the conduct of CAT training | 1,000.00 |
| | Elena Velasco of Brgy. Poblacion Sur, Paracale for Medical Assistance to Abegail de Mesa | 2,000.00 |
| | Sevilla Ramos of Brgy. Mambunaglon. Mercedes for her chemotheraphy | 500.00 |
| | Evelyn Abrera of Brgy. Bautista, Labo for burial assistance | 500.00 |
| | Emilio Vecino of Brgy. Sta. Cruz, Labo for medical assistance | 1,000.00 |
| 22 | Michael Alaba of Brgy. Bagacay, Labo for medical assistance | 1,000.00 |
| | Miguel Caritas Sr. of Brgy. Poblacion I, Basud for the 32nd National Milo Marathon won by his children | 2,000.00 |
| | Susan Cereno of Brgy. Mangcawayan, Vinzons for fare to Libmanan, Cams. Sur | 500.00 |
| | Floreta Chavez of Brgy. Mantagbac, Daet for fare to Polangui, Albay | 500.00 |
| | Jaime Abrere of Brgy. Mambungalon, Mercedes for the Barangay Evaluation Program | 1,000.00 |
| | PB Nilo L. Dazal of Brgy. Tarum, Mercedes for the Purok 5 celebration | 1,000.00 |
| | Michael Bolivar of Basud Warriors Basketball Team for their entry fee | 500.00 |
| | Mark Fernan delos Santos, SK Chairman of Brgy. Sta. Rosa Norte, J. Panganiban for their Fiesta Basketball tournament | 500.00 |
| | Jojo Arevalo, coach of SRN one fpr all team of Brgy. Sta. Rosa Norte, J. Panganiban for their basketball tournament | 500.00 |
| | Estela B . Ramos of Microsystems Institute of Technology for the purchase of chair | 500.00 |
| 27 | Kgd. Flora V. Fabrigas Co-Chairman of the Committee on the Quest for 5 Prettiest Gay '08 of Brgy. V, daet, cams. Norte | 1,000.00 |
| | Kgd. Ferdinanad chua, tournamanet Committeee chairman of the "Barkada, karawat Kita sa Singko '08" a basketball tournament | 1,000.00 |
| | Total | P49,110..00 |

# Small mining scale report

Umabot sa 505 *ore transport permist (OTPs)* ang naibigay ng Tanggapan ng Punong Lalawigan sa ilalim ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa iba't-ibang *small scale mining (SSM) permittees* at *special permittees* sa unang semestre ng taong 2008 (Enero-Hunyo) upang makapagbyahe ng iba't -ibang *mineral commodities* palabas ng lalawigan na may kabuuang 22,514 metriko tonelada (MT).

Ayon sa talaan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)*, 231 *OTPs* ang naibigay kay Mrs. Nilda Perrera na may kabuuang timbang na 4,620 MT ng *white clay* mula sa Brgy. Tabas, Paracale; 150 *OTPs* kay Mr. Vicente de Castro na may kabuuang timbang na 3,000 MT ng *white clay* mula sa Brgy. Tabas, Paracale; 16 na *OTPs* kay Mr. Jaime Oco na may kabuuang timbang na 320 MT ng *silica sand* mula sa Brgy. Casalugan, Paracale; 91 *OTPs* kay Mr. Teofilo Leonardo na may kabuuang timbang na 1,820 MT ng *ball clay* mula sa Brgy. Tuaca, Basud; 2 *OTPs* kay Adelaida Lee na may kabuuang timbang na 10,000 MT ng *iron ore* mula sa Brgy. Bagumbayan, Jose Panganiban; 4 na *OTPs* sa *Look's Like Jacob* na may kabuuang timbang na 2,548 MT ng *iron ore* mula sa Brgy. Pinagbirayan Malaki, Paracale; 6 na *OTPs* kay Felipe Jalimao na may kabuuang timbang na 120 MT ng *ball clay* mula sa Brgy. Tuaca, Basud; 1 *OTP* kay Eduardo Batas na may kabuuang timbang na 6 MT ng *silica sand* mula sa Brgy. Tugos, Paracale; at 4 na *OTPs* kay Nilda Perrera na may kabuuang timbang na 80 MT ng *ball clay* mula sa Brgy. Tuaca, Basud.

Ang Pamahalaang Panlalawigan ay nakakolekta ng halagang P450,280.00 bilang *OTP fee* at halagang P900,560.00 bilang *quarry resource tax* o kabuuang halagang P1,350,840.00 mula sa mga nasabing *permittees*. Ang 40% nito ay mapupunta sa barangay kung saan kinuha ang mga likas-yaman samantalang ang 30% naman ay sa bayan na nakasasakop sa barangay.

Magugunita na base sa rekomendasyon ng *Provincial Mining Regulatory Board ( PMRB)* si Perrera, de Castro, Oco at Leonardo ay pinagkalooban ng gobernador ng *Small Scale Mining Permit Nos.* 002-2007, 001-2007, 001-2008 at 003-2008 noong Marso 27, 2007, Abril 13, 2007, Pebrero 29, 2008 at Hunyo 2, 2008, ayon sa pagkakasunod-sunod na lahat ay may bisang dalawang (2) taon mula nang ang mga ito ay pagtibayin samantalang ang *special permit* naman ang ipinagkaloob ng gobernador kina Lee, Jalimao, Batas, Perrera (Tuaca) at *Look's Like Jacob*. ***- Gonzalo C. Binay/ EERMD***

# MDCC Labo tinanghal na Hall of Famer sa taunang Search for Gawad Kalasag

Tinanghal na *hall of famer* ang *Municipal Disaster Coordinating Council (MDCC)* ng bayan ng Labo, Camarines Norte matapos nitong makuha ang tatlong sunud-sunod na panalo bilang *Best Performing MDCC* sa buong Pilipinas simula taong 2004, 2006 at 2007 sa ilalim ng kategoryang *1st t0 2nd class municipality*.

Ang naturang taunang *Search* for Gawad Kalasag ay itinataguyod Kalasag ay itinataguyod ng *National Disaster Coordinating Council (NDCC)* sa pamumuno ni *National Defense Secretary* Gilberto C. Teodoro, Jr..

Personal na tinanggap ni Labo Mayor Winifredo B. Oco ang gawad-parangal mula kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo katuwang sina *Sec.* Teodoro at *Secretary* Esperanza Cabral ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad *(DSWD)*.

Ang seremonya ay isinagawa sa *Rizal Hall* ng Palasyo Malakanyang sa ganap na ika-1 ng hapon ng Agosto 1, 2008, araw ng Biyernes.

Tinanghal ding *hall of famer* ang Barangay Carmen, Lungsod ng Cagayan de Oro *(Urban Cateogry)* at ang Olongapo Kabalikat sa Ginhawa.

Samantala, nagwagi at tumanggap din ng kaukulang parangal sa *Search* for Gawad Kalasag 2008 sa ilalim ng kategoryang *Best Local Disaster Coordinating Council* ang mga sumusunod: *1) Best Provincial Disaster Coordinating Council* – Lalawigan ng Sarangani; *2) Best City Coordinating Council* – a) *Highly Urbanized Category* – Lungsod ng Olongapo, at b) *Independent Component/Component City Category* – Lungsod ng Bayawan; 3) *Best Municipal Disaster Coordinating Council (MDCC) – a) 1st – 3rd class category* – Bayan ng Maragusan, *Compostela Valley*, at b) *4th-6th class category* – Bayan ng *St. Bernard*, Southern Leyte, at; 4) *Best Barangay Disaster Coordinating Council (BDCC) – a) Urban Category* – Brgy. Maa, Lungsod ng Davao, at; *b) Rural Category* – Brgy. Pis-anan, Bayan ng Sibalom, Antique.

Nakuha ng *Junior Chamber International*, Legazpi City ang gawad-parangal sa Gawad Kalasag para sa mga *private volunteer organizations,*

**(Sundan sa pahina 9)**





***Tinatanggap ni LaboMayor Winifredo B. Oco mula kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang plake para sa Labo MDCC na tinanghal na hall of famer bilang Best Performing MDCC sa bansa simula ng taong 2004, 2006 at 2007; Ipinagkakaloob naman ni Pang. Arroyo ang plake ng espesyal na pagkilala kay Labo M.I.O. Carlos C. Galvez dahil sa mahusay nitong pagganap bilang MCDDC.***

# Spot check...

**(Mula sa pahina 1)**

ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)*.

Ito ay isinagawa ng *Manila Consulting and Management Company, Inc.* sa pamamagitan ng mga kinatawan nito na sina Marcelo Oraa, consultant in special projects at Ma. Grace D. Elvina, staff.

Layunin nito na suriin ang talaang pampinansyal (*financial records*) at *internal controls* ng pamahalaang panlalawigan kaugnay sa tulong pinansyal na ipinagkakaloob ng *UNICEF* sa lalawigan ng Camarines Norte sa nakaraang taon.

Ang mga opisyal na dokumento at patakaran sa implementasyon ng CPC 6 na pinagbasehan sa naturang pagsusuri ay ang mga sumusunod: *Guidelines and Procedures on Harmonized Approached to Cash Transfer (HACT); financial rules and regulations; procurement and asset management policies, at; human resources and management policies*.

Ang mga tanggapang kinapanayam at sinuri ang opisyal na mga *records* ay ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO), Provincial Treasurer's Office (PTO)* at *Provincial Accounting Office (PAcctO)*.

Sa kabuuan, ang opisyal na *risk rating* ng naturang *spot check* na isinagawa ay *low risk*.

Base sa *risk ratings* ng *UNICEF*, ang *low risk* ay nangangahulugang maliit o mababa ang antas ng panganib *(risk)* sa mga pundo o tulong-pinansyal ng *UNICEF* sa isang ahensya o pamahalaang lokal kaya isang beses lang sa isang taon ang pagbisita para sa *spot check*. Kung ang *findings* naman ay *medium risk*, gagawin ang *spot check* dalawang beses sa isang taon; at tatlong beses naman sa isang taon ang *spot check* para sa *high risk*. **- ELENA B. AUSTRIA**

# EDITORYAL

## Pagkamateryalismo - ugat ng kasamaan sa mundo

Sa pag-iral ng sobrang pagkamateryalismo ng tao, halos lahat na lamang ay may katumbas na pera. Kung noon, ang puri at dangal ay pinakaiingatan, at ipinagmamalaki naman ang "*bayanihan*" ó pagtutulungan para sa ikabubuti ng kapwa at pamayanan na tuwina'y nakikita sa pagsasaayos ng mga paaralan, sa pagtatayo ó paglilipat ng bahay, at paglilinis ng kapaligiran, ngayon, lahat ito ay may katapat nang halaga.

Noon, makahihingi ka pa ng gulay, niyog ó pantanim sa kapitbahay. Ngayon, mabibihira na ang ganito. Ang dati nating ipinagmamalaking kaugalian ay halos wala na. Pati prinsipyo, moralidad ó dignidad ng tao, natatapatan na ó may kapalit nang pera. Kaya't halos bukambibig na ng mga "*mayroon*" ang mga katagang: "*Pera-pera lang 'yan*!". At *pronto*! Nakukuha nila ang bawa't naisin nila.

Sa pagpupumilit na makasabay sa pag-unlad ng siyensya at teknolohiya na karamihan ay nakapagdudulot ng pagkalibang at luho ng katawan, burado na ang kasabihang: "*Mamaluktot sa sariling kumot." ó* magkasya sa sariling kita at iprayoridad ang pinakamahalaga tulad ng edukasyon na may panghabambuhay na kapakinabangan.

At kahit pa nga ipangutang, ó di kaya'y ipagpalit ang dangal at masira ang pagkatao, makamtan lang ang mga materyal na bagay at luho ng katawan, lahat ay gagawin, dahilan upang lumaganap sa ngayon ang pagpapabili ng laman, pagnanakaw, pagpatay ó pagsasagawa ng mga karumal-dumal na krimen.

Sa kanyang panulat, sinabi ni Shakespeare: "*What does a man profit by gaining the whole world yet he loses his soul?"* Ano nga bang mahihita ng tao makamtan man niya ang mundo kung mawawala naman ang kanyang kaluluwa? Mag-isip po tayo, at matakot sa Kaniya!

*On nature and ecology*

# Abasig Mananap Matogdon Natural Biotic Area


Engr Leopoldo P. Badiola
EERMD Chief




Ang pamahalaang Panlalawigan ay nagkaloob sa mga *Wildlife Enforcement Officers (WEOs)* ng mga kagamitan sa pagpapatrolya sa *Abasig-Mananap -Matogdon Natural Biotic Area (AMMNBA)* na nasa Brgys. San Antonio, Lugui at Baay, Labo; Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz; at Brgys. Fabrica, San Jose at Iraya Sur, San Vicente.

Ang mga nasabing kagamitan na kinabibilangan ng *flashlight*, kapote at *bust jacket* ay ipinamahagi sa nabanggit na mga *WEOs* ng *Office of the Governor (G.O.)* sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)* na pinamumunuan ni Engr. Leopoldo P. Badiola sa isang simpleng seremonya na ginanap sa nasabing dibisyon noong Agosto 5, 2008.

Ayon kina Cecilio Babala, Jr., Romulo Diaz, Jr. at Domingo Logina, mga *WEOs* na nakabase sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo ang anbanggit na mga kagamitan lalo na ang kapote ay malaking tulong sa pangangalaga nila sa *AMMNBA*. May pananggalang na umano sila sa ulan at hindi na ito magiging sagabal sa kanilang pagpapatrolya kahit panahon ng tag-ulan. Wala na rin silang pangamba sa kanilang pagpapatrolya kung sakaling abutin sila ng gabi sa kagubatan dahil may *flashlight* na rin silang gagamiting pananglaw sa dilim.

Magugunitang ang *WEOs* na binubuo ng 23 kalalakihan mula sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo at Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz ay itinatag sa bisa ng isang *DENR Special Order* na nilagdaan ng *Regional Executive Director* noong Nobyembre 26, 2007.

Sila ay sumailalim sa isang pagsasanay tungkol sa pangangalaga sa kagubatan na magkatuwang na itinaguyod ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR), Region 5, Legaspi City* at ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Jesus o. Typoco, Jr. - ***GNZALO C. BINAY/EERMD***




BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/ design .

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider


**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.



# Mga piling larawan

*1) Ang mga kawani ng Commission on Elections dito sa lalawigan nang sila ay mag-courtesy call sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr., kaugnay sa pagdiriwang ng ika-30 taong anibersaryo ng COMELEC; 2) Nanunumpa si SB Member Ronnie Magana ng Talisay kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang bagong miyembro ng Sangguniang Panlalawigan kapalit ni dating Ex-Officio Member Lino Regala na nagbitiw sa tungkulin bilang kinatawan ng Provincial Councilors' League na sinaksihan naman ni DILG PD Robin Mercado at ilang opisyal ng bayan ng Talisay; 3) Ang mga tauhan ng Philippine Military Academy (PMA) na sina Capt. Dariano, ENS Catalan at MSG Antonio nang sila ay bumisita sa tanggapan ni Gob. Typoco upang magbigay ng eksaminasyon sa mga nais na pumasok sa PMA, kasama nila rito sina EA IV Engr. Gerry Quiñones at dating CN PNP PD Efren Yebra; 4) Pinangungunahan ni Bokal Jonah G. Pimentel, Chairman, SP Committee on Finance ang pulong ukol sa Revenue Code ng lalawigan na dinaluhan ng mga hepe ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan na ginanap sa Audio-Visual Production Center, 3rd floor annex, Provincial Capitol; 5) Iniaabot ni CANORECO GM Lorenzo Canlas kay Provincial Jail Warden Ramon Dominguez ang ilang pirasong t-shirt na donasyon ng CANORECO para sa mga detenido sa Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ).*


1



2


3


4


5

# RPT updates of the Province of Camarines Norte

Ayon sa talaan ng tanggapan ng panlalawigang ingat-yaman ng Camarines Norte, umabot sa P 17,368,274.87 ang koleksyon ng *real property taxes* sa buong lalawigan para sa buwan ng Marso taong kasalukuyan. Pinakamataas ang koleksyon ng bayan ng Labo na umabot sa P 3,332,440.68, 56% ng *annual target* para sa taong ito.

Nakatulong dito ang pagpapatupad ng tax amnesty na nagtapos noong Marso 2008. Matutunghayan sa ibaba ang *RPT Collection* sa buwan ng Marso, 2008 ng labindalawang bayan sa lalawigang ito.

STATUS OF REAL PROPERTY TAX COLLECTIONS AGAINST TARGET AS OF MARCH 2008

| BAYAN | ACTUAL TARGET | RANK |
|---|---|---|
| Basud | P 490,030.00 | 9 |
| Capalonga | 249,935.00 | 12 |
| Daet | 7,606,540.20 | 4 |
| J. Panganiban | 1,514,515.11 | 7 |
| Labo | 3,332,440.68 | 1 |
| Mercedes | 648,447.10 | 8 |
| Paracale | 831,391.20 | 11 |
| S. L. Ruiz | 304,700.40 | 2 |
| Sta. Elena | 858,189.72 | 10 |
| San Vicente | 137,462.98 | 6 |
| Talisay | 634,781.38 | 5 |
| Vinzons | 759,840.47 | 3 |
| Total | P17,368,274.87 | |

Dagdag pa rito, inaasahang ang *collection efficiency* ay madaragdagan sa tinatayang target para sa taong 2009 upang maiwasan ang *administrative sanction and relief.* ***Marivic A. Estacion***

## PERENNIAL PLANTS AND TREES

| | |
|---|---|
| **1. ATIS (Bearing)** | **P 100.00** |
| over 5 years | 70.00 |
| 3 - 5 years | 40.00 |
| 1 - 3 years | 20.00 |
| newly planted | 10.00 |
| **2. AVOCADO (Bearing)** | **300.00** |
| over 5 years | 200.00 |
| 3 - 5 years | 160.00 |
| 1 - 3 years | 100.00 |
| 1 year | 60.00 |
| newly planted | 20.00 |
| **3. BANANA/Group** | |
| Lacatan | 300.00 |
| Latondan | 200.00 |
| Saba | 200.00 |
| Señorita | 100.00 |
| **4. BAYABAS (Bearing)** | **100.00** |
| **5. CACAO (Bearing)** | **160.00** |
| over 5 years | 120.00 |
| 3 - 5 years | 80.00 |
| 1 - 3 years | 60.00 |
| newly planted | 40.00 |
| **6. CAIMITO (Bearing)** | **300.00** |
| over 5 years | 200.00 |
| 3 - 5 years | 100.00 |
| 1 - 3 years | 60.00 |
| 1 year | 20.00 |
| newly planted | 10.00 |
| **7. CALAMANSI** | **100.00** |
| 3 - 5 years | 60.00 |
| 1 - 3 years | 40.00 |
| newly planted | 20.00 |
| **8. CHICO (Bearing)** | **200.00** |
| over 5 years | 160.00 |
| 3 - 5 years | 100.00 |
| 1 - 3 years | 60.00 |
| 1 year | 30.00 |
| newly planted | 20.00 |
| **9. CHISA (Bearing)** | **60.00** |
| over 5 years | 40.00 |
| 3 - 5 years | 20.00 |
| 1 - 3 years | 10.00 |
| **10. COFFEE (Bearing)** | **100.00** |
| 3 - 5 years | 60.00 |
| 1 - 3 years | 40.00 |
| newly planted | 20.00 |
| **11. DUHAT (Bearing)** | **P 100.00** |
| over 5 years | 60.00 |
| 3 - 5 years | 40.00 |
| 1 - 3 years | 20.00 |
| newly planted | 10.00 |
| **12. MABOLO (Bearing)** | **100.00** |
| over 5 years | 80.00 |
| 3 - 5 years | 50.00 |
| **13. ORANGE (Bearing)** | **180.00** |
| over 5 years | 144.00 |
| 3 - 5 years | 108.00 |
| **14. POMELO (Bearing)** | **170.00** |
| over 5 years | 140.00 |
| 3 - 5 years | 100.00 |
| **15. CASHEW (Bearing)** | **100.00** |
| over 5 years | 80.00 |
| 3 - 5 years | 60.00 |
| **16. NIPA/has.** | **11,100.00** |
| **17. PILI (Bearing)** | **130.00** |
| **18. BAMBOO/clamp** | **80.00** |
| **19. GUYABANO (Bearing)** | **80.00** |
| **20. BALIMBING (Bearing)** | **60.00** |
| **21. JACKFRUIT (Bearing)** | **200.00** |
| over 5 years | 140.00 |
| 3 - 5 years | 80.00 |
| 1 - 3 years | 40.00 |
| 1 year | 20.00 |
| **22. LANZONES (Bearing)** | **300.00** |
| 10 - 17 years | 260.00 |
| 4 - 9 years | 200.00 |
| 1 - 3 years | 100.00 |
| newly planted | 40.00 |
| **23. MACOPA (Bearing)** | **100.00** |
| 3 - 5 years | 40.00 |
| 1 - 3 years | 20.00 |
| newly planted | 10.00 |
| **24.MANGO PAJO(Bearing)** | **300.00** |
| 3 - 5 years | 100.00 |
| 1 - 3 years | 40.00 |
| newly planted | 10.00 |
| PICO (Bearing) | 400.00 |
| 3 - 5 years | 160.00 |
| 1 - 3 years | 80.00 |
| 1 year | 20.00 |
| newly planted | 10.00 |
| **25. MALIGANG (Bearing)** | **160.00** |
| 3 - 5 years | 60.00 |
| newly planted | 10.00 |
| **26.BREADFRUIT(Bearing)** | **120.00** |
| over 5 years | 160.00 |
| 3 - 5 years | 100.00 |
| newly planted | 10.00 |
| **27. RAMBUTAN(Bearing)** | **500.00** |
| over 5 years | 300.00 |
| 3 - 5 years | 200.00 |
| 1 - 3 years | 100.00 |
| **28. SANTOL (Bearing)** | **200.00** |
| over 5 years | 160.00 |
| 3 - 5 years | 100.00 |
| newly planted | 10.00 |

## SCHED. OF UNIT BASE MARKET VALUE FOR MINERAL LANDS

| | |
|---|---|
| A. Patented Lode Mining Claims Producing or Non-Producing | P75,320.00 |
| B. Unpatented Producing Lode Mining Claims which maybe Patented | 75,320.00 |
| C. Unpatented Non-Producing Lode Mining Claims which maybe Patented | 37,660.00 |
| D. Patented Placer Mining Claims Producing or Non-Producing | 37,660.00 |
| E. Unpatented Producing Placer Mining Claims which maybe Patented | 37,660.00 |
| F. Unpatented Non – Producing Placer Mining Claims which maybe Patented | 18,830.00 |

## SCHED. OF UNIT BASE MARKET VALUE FOR NON-METALLIC MINERAL LANDS

| | |
|---|---|
| A. Patented Producing or Non-Producing | 18,830.00 |
| B. Unpatented Producing which maybe patented | 18,830.00 |
| C. Unpatented Non – Producing which maybe Patented | 18,830.00 |

## Sched. Of Base Unit Market Value Agri. Improvements Coconut Trees (CY 2009-2011)

| MUNICIPALITY | SUB-CLASS 1 | 2 | 3 |
|---|---|---|---|
| **Basud** | **140.00** | **110.00** | **80.00** |
| **Capalonga** | **140.00** | **110.00** | **80.00** |
| **Daet** | **120.00** | **100.00** | **90.00** |
| **J. Panganiban** | **150.00** | **120.00** | **90.00** |
| **Labo** | **170.00** | **140.00** | **100.00** |
| **Mercedes** | **150.00** | **120.00** | **90.00** |
| **Paracale** | **150.00** | **120.00** | **90.00** |
| **S. L. Ruiz** | **140.00** | **110.00** | **80.00** |
| **San Vicente** | **160.00** | **130.00** | **100.00** |
| **Sta. Elena** | **120.00** | **100.00** | **90.00** |
| **Talisay** | **140.00** | **110.00** | **80.00** |
| **Vinzons** | **140.00** | **110.00** | **80.00** |

**SUBMITTED BY:**

**ANNABEL M. DEFEO**
**Provincial Assessor**

## Gob. Typoco nagbigay...

*(Mula sa pahina 10)*

hayag sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 157-2008 na iniakda ni Konsehal Francisco L. Ramos, Jr. at Konsehal Wilfredo Jazareno, Jr. noong Agosto 14, taong kasalukuyan.

Aniya, ang nasabing Liga Hall ay pagdarausan ng mga miting, seminar at mga pagsasanay na lalahukan ng mga miyembro ng Liga. Magsisilbi rin itong pansamantalang bahay-panuluyan sa tuwing magkakaroon ng okasyon ó pagdiriwang sa poblasyon kung hindi na makakauwi pa sa kani-kanilang mga barangay at hindi kayang magbayad sa mga *hostel* at *lodging house.*

Ang nasabing tulong pinansyal ay sorpresang inihayag ng Gobernador sa selebrasyon ng ika-*60th Foundation Anniversary* at *11th Kadagatan Festival* ng nasabing bayan.

Labis ang kasiyahan ng Sangguniang Bayan sa kabutihang ito ng gobernador sapagkat anila, sa kanilang *minimal IRA share* na nakukuha mula sa pamahalaang nasyonal hindi nila kakayaning pondohan ang nasabing proyekto. */Angel SDG*

# RPT updates...



## SUMMARY OF SCHEDULE OF UNIT BASE MARKET VALUES FOR RESIDENTIAL, COMMERCIAL, INDUSTRIAL AND SUBDIVISION LANDS (CY 2009 - 2011)

| Municipality | RESIDENTIAL | | | | | | | COMMERCIAL | | | | INDUSTRIAL | | | SUBDIVISION | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 1 | 2 | 3 | 4 | 1 | 2 | 3 | 1 | 2 | 3 |
| Basud | 550.00 | 430.00 | 260.00 | 170.00 | 100.00 | 70.00 | - | 670.00 | 550.00 | - | - | - | - | - | 520.00 | 400.00 | 250.00 |
| Capalonga | 510.00 | 450.00 | 300.00 | 150.00 | 100.00 | 50.00 | - | 700.00 | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| Daet | 1,550.00 | 1110.00 | 890.00 | 710.00 | 480.00 | 370.00 | - | 4,100.00 | 3,500.00 | 2,400.00 | 1850.00 | - | - | - | 1,500.00 | 1080.00 | 670.00 |
| J. Panganiban | 930.00 | 800.00 | 710.00 | 520.00 | 280.00 | 140.00 | 70.00 | 1,520.00 | 1,250.00 | 1130.00 | 990.00 | - | - | - | - | - | - |
| Labo | 1100.00 | 920.00 | 740.00 | 520.00 | 400.00 | 250.00 | 180.00 | 1,800.00 | 1,450.00 | 1,270.00 | 1060.00 | - | - | - | - | - | - |
| Mercedes | 720.00 | 500.00 | 360.00 | 290.00 | 130.00 | 100.00 | - | 1140.00 | 840.00 | - | - | 550.00 | 430.00 | 310.00 | - | - | - |
| Paracale | 670.00 | 560.00 | 440.00 | 300.00 | 230.00 | 120.00 | - | 1050.00 | 900.00 | 660.00 | - | - | - | - | - | - | - |
| S. L. Ruiz | 250.00 | 180.00 | 120.00 | 90.00 | 80.00 | 50.00 | - | 300.00 | 260.00 | - | - | - | - | - | - | - | - |
| Sn. Vicente | 230.00 | 180.00 | 130.00 | 100.00 | - | - | - | 270.00 | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| Sta. Elena | 500.00 | 410.00 | 260.00 | 170.00 | 100.00 | - | - | 1000.00 | 750.00 | 500.00 | - | - | - | - | - | - | - |
| Talisay | 430.00 | 350.00 | 250.00 | 160.00 | 120.00 | 100.00 | - | 700.00 | 550.00 | - | - | - | - | - | - | - | - |
| Vinzons | 440.00 | 370.00 | 280.00 | 200.00 | 150.00 | 130.00 | - | 600.00 | 500.00 | 350.00 | 260.00 | - | - | - | - | - | - |

## SCHEDULE OF FAIR AND CURRENT MARKET VALUE FOR BUILDINGS IN PESO PER SQUARE METER FOR THE PROVINCE OF CAMARINES NORTE EFFECTIVE IN YEAR 2009-2011

| TYPE | ONE FAMILY RESIDENCE | TWO FAMILY DWELLINGS MULTIPLE DWELLINGS | ASSESSORIA OR ROW HOUSE | APARTMENTS, HOTELS DORMITO-RIES,LODGING | GARAGE, COT-TAGES GUARD HOUSE, CAB-INS QUARTERS | SCHOOL BUILDING | THEATRE, CHURCH ASSEMBLY HALL |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I-A | 6,360.00 | 6,040.00 | 5,200.00 | 5,670.00 | 4,380.00 | 6,130.00 | 6,650.00 |
| I-B | 5,750.00 | 5,670.00 | 4,840.00 | 5,130.00 | 3,940.00 | 5,430.00 | 5,870.00 |
| I-C | 5,130.00 | 4,800.00 | 4,230.00 | 4,520.00 | 3,070.00 | 4,800.00 | 4,800.00 |
| II-A | 4,230.00 | 3,930.00 | 2,910.00 | 3,930.00 | 2,710.00 | 3,940.00 | 4,650.00 |
| II-B | 3,590.00 | 3,390.00 | 2,680.00 | 3,320.00 | 2,480.00 | 3,360.00 | 4,460.00 |
| II-C | 3,390.00 | 3,190.00 | 2,480.00 | 2,960.00 | 2,360.00 | 3,130.00 | 4,290.00 |
| II-D | 3,190.00 | 3,040.00 | 2,310.00 | 2,620.00 | 2,130.00 | 2,940.00 | 4,090.00 |
| III-A | 3,040.00 | 2,850.00 | 2,250.00 | 2,430.00 | 1,980.00 | 2,710.00 | 3,930.00 |
| III-B | 2,160.00 | 2,300.00 | 1,990.00 | 2,300.00 | 1,750.00 | 2,430.00 | 3,650.00 |
| III-C | 2,100.00 | 1,980.00 | 1,660.00 | 1,900.00 | 1,380.00 | 2,100.00 | 3,320.00 |
| III-D | 1,900.00 | 1,610.00 | 1,350.00 | 1,550.00 | 1,020.00 | 1,810.00 | 3,000.00 |
| III-E | 1,550.00 | 1,430.00 | 1,230.00 | 1,160.00 | 700.00 | 1,550.00 | 2,580.00 |
| IV-A | 1,160.00 | 1,250.00 | 1,060.00 | 1,060.00 | 550.00 | 1,250.00 | 2,130.00 |

| TYPE | HOSPITAL, OF-FICE BANK, CONDO-MINIUM | FACTORY, WAREHOUSE, BODEGA STORAGE, IND. BUILDING | SHOPPING CENTER RESTAU-RANT,STORE | GYMNASIUM COLISEUM | BOWLING LANES, DISCO CLUBHOUSE, PUB HOUSE | SAW MILLS LUMBER SHED | GASOLINE STATION | SWIMMING POOL BATH HOUSE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **I-A** | **6,420.00** | **3,650.00** | **5,660.00** | **5,430.00** | **6,040.00** | **6,100.00** | **4,880.00** | **3450.00** |
| **I-B** | **6,330.00** | **3,070.00** | **5,130.00** | **4,840.00** | **5,430.00** | **3,650.00** | **4,610.00** | **-** |
| **I-C** | **5,720.00** | **2,710.00** | **5,070.00** | **4,290.00** | **3,990.00** | **2,850.00** | **4,200.00** | **-** |
| **II-A** | **4,690.00** | **2,430.00** | **3,650.00** | **3,320.00** | **3,820.00** | **2,630.00** | **3,320.00** | **-** |
| **II-B** | **4,420.00** | **2,160.00** | **3,360.00** | **3,040.00** | **3,650.00** | **2,480.00** | **3,040.00** | **-** |
| **II-C** | **4,150.00** | **2,070.00** | **3,040.00** | **2,750.00** | **3,510.00** | **2,360.00** | **2,710.00** | **-** |
| **II-D** | **3,930.00** | **1,900.00** | **2,790.00** | **2,450.00** | **3,450.00** | **2,130.00** | **2,310.00** | **-** |
| **III-A** | **3,650.00** | **1,750.00** | **2,430.00** | **2,300.00** | **3,320.00** | **1,870.00** | **2,100.00** | **-** |
| **III-B** | **3,320.00** | **1,550.00** | **2,090.00** | **1,980.00** | **3,040.00** | **1,550.00** | **1,810.00** | **-** |
| **III-C** | **3,040.00** | **1,380.00** | **1,810.00** | **1,670.00** | **2,710.00** | **1,230.00** | **1,550.00** | **-** |
| **III-D** | **2,530.00** | **1,250.00** | **1,710.00** | **1,550.00** | **2,430.00** | **1,060.00** | **1,380.00** | **-** |
| **III-E** | **2,300.00** | **1,060.00** | **1,550.00** | **1,380.00** | **2,090.00** | **820.00** | **-** | **-** |
| **IV-A** | **1,780.00** | **910.00** | **1,160.00** | **-** | **-** | **700.00** | **-** | **-** |

**NOTE:**

1.) Factor of increase - constant of 10.5 % in peso per square meter.

2.) Apply a reduction of 25 % from Market Value at every level of covered floor area for 2-storey or high rise building only beginning at the second floor level.

May karugtong sa kabilang pahina

No to SEX TOURISM
Yes to ECO- TOURISM

# Mga katangi-tanging nagawa...

(Mula sa pahina 2)

buwan ng Agosto ang pagsasanay ng mga kinauukulang *PCSSD staff* sa ilalim ng *Marksmanship Program* nito. Hiniling din kamakailan ni Warden Dominguez na madagdagan ng P5.00 ang *daily subsistence allowance* ng mga detenido dahil sa patuloy na pagtaas ng mga bilihin. Sinusuportahan naman ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang mga naturang inisyatibo.

Nagbunga naman ang ginawa nitong pagpapakalat ng mga *leaflets* na may larawan ni Domingo Velasco sa iba't-ibang himpilan ng *Philippine National Police (PNP)* sa *National Capital Region (NCR)*, Rehyon 5 at Rehyon 4.

Noon namang ika-4 n.u. ng Hulyo 23, 2008, naaresto ng Dasmariñas *PNP* si Velasco sa *City Homes Subdivision,* Brgy. Sampalo 4, Dasmariñas, Cavite kasama ang kanyang kapatid na si Harlito Velasco dahil sa pag-iingat ng mga baril.

Ang naturang pag-aresto ay kaagad na ipinaalam kay *Warden* Dominguez para sa kaukulang kumpirmasyon.

Si Velasco ay nasa kustodiya pa rin ng Dasmariñas *PNP* at kukunin ng *CNPJ* sa sandaling matapos ang kanyang kaso roon.

Patuloy rin ang CNPJ sa pakikipag-ugnayan sa mga kinauukulang *pillars of criminal justice* sa layuning mapabilis ang pagdinig at pagbibigay ng hatol sa mga detenido; mapawalang-sala at mapalaya ang mga tunay na inosente at mailipat kaagad ang mga maysala sa *New Bilibid Prison (NBP)*.

Nailipat din nito kamakailan sa *NBP* ang 7 *convicted prisoners*, 1 ang dinala sa *Correctional Institution for Women* at isang detenido ang ipinagagamot nito sa *National Center for Mental Health (NCMH)* at dalawa pang detenido ang nakaiskedyul na ring ilipat sa *NBP*.

Kaugnay ng *Decongestion Program* nito, napalaya *(release)* ang 6 na detenido na tinulungan nitong makapagpiyansa habang ang mga hukom ay regular namang nakapag-iisyu ng *provisional release order* sa mga kwalipikadong mapalaya.

Sa kasalukuyan, 456 inmates ang nasa pangangalaga at patnubay ng *CNPJ*. ***LT IBASCO***

# Pambansang Kumpetisyon sa Pagsusulat ng Haiku

Pinangunahan kamakailan ng mga taga-*Governor's Office- Museum, Archives and Shrine Curation Division (G.O.-MASCD)* ang pagdalo bilang isa sa mga inampalan sa *3rd Pinoy Haiku Contest* para sa lahat ng Pilipinong nakatira rito at sa ibang bansa.

Itinaguyod ito ng Embahada ng Hapon sa pamamagitan ng *Japan Information and Cultural Center* na itinatag ng grupo ng *University of Santo Tomas Haiku Society.*

Ang Haiku ay isang uri ng pagsusulat panliteratura na inumpisahan sa bansang hapon noong ika-19 na siglo. Ito ay animo isang sulating patula na nagtataglay ng malalim na kaisipang may kinalaman sa kalikasan.

Sa paglipas ng maraming taon, napanatili ng tradisyong Haiku ang kanyang kakaibang sining at kaanyuan na siya namang nagbigay interes para sa mga nag-aaral ng kultura at sining upang buhayin ito dito sa Pilipinas. Sa salitang Ingles, ang Haiku ay binubuo ng tatlong linya sa bawat taludtod na may sukat na 5-7-5 na baybayin sa bawat taludtod.

Sa kabila ng pagiging maikli ng literaturang ito, nagtataglay naman ito ng makabuluhan at malalim na palaisipan. Ito ang dahilan kung bakit patuloy itong tinatangkilik at pinahahalagahan.

Matatandaan na tatlong taon na ang nakalilipas nang mag-umpisang magsagawa ng paligsahan ang Embahada ng Hapon sa Pilipinas katuwang ang *University of Santo Tomas Haiku Society*. Ngayong taon, naging malawak ang partisipasyon ng mga manunulat ng Haiku na Plilpino. Napakaraming kalahok na Haiku ang naisumite sa pamamagitan ng koreo at ng *internet*. Dito makikita ang malaking interes na napukaw mula nang maimukna ang paligsahan ukol sa pagsulat ng Haiku.

Dinaluhan ng Embahador ng Bansang Hapon ang paggawad ng parangal at pagkilala sa mga nanalo. Ito ay sinaksihan din ng mga propesor at ng iba pa mula sa sektor ng akademya.

Inaasahan ng mga tagapagsulong ng Haiku bilang ekspresyon ng sining at kultura na lalo pang dadami ang magkakaroon ng ibayong koneksyon ukol sa kahalagahan ng Haiku.

Kaugnay nito, inimbatahan ni Dr. Reynaldo V. De Vera Jr., propesor ng *Camarines Norte State College* at tagapag-ugnay ng *UST Haiku Group*, ang tanggapan ng Punong Lalawigan sa pamamagitan ng Sangay ng Museo at Panulukan na pinamumunuan ni G. Abel C. Icatlo, *Muesum Curator* bilang isa sa mga lupon ng inampalan ay nagbigay ng talumpati ukol sa paligsahan sa okayon ng pagbibigay ng gantimpala sa mga nagwagi sa patimpalak na nabanggit sa Embahada ng Hapon noong ika-25 ng Hulyo ganap na ika-5:30-6:30 ng hapon sa *Roxas Boulevard, Pasay City*. Ang kanyang sipi ng talumpati ay nalimbag sa *internet*. ***AIDA B. PANDEAGUA***

# DLC ng San Mauricio Elem. Sch. binigyan ni Gob. Typoco ng tulong-pinansyal

Binigyan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ng P20,000.00 bilang personal na tulong-pinansyal ang *Drum and Lyre Corps (DLC)* ng Paaralang Elementarya ng San Maurico ng Brgy. San Mauricio, bayan ng Jose Panganiban.

Ito ay bilang pagtugon sa liham-kahilingan ng naturang grupo na mabigyan ng tulong-pinansyal ng butihing gobernaodr para makabili sila ng mga kulang na kagamitan at maipaayos ang mga nasira na. Idinagdag pa nila na ang mga magulang ng mga kabataang miyembro ng kanilang *DLC* ay wlaang kakayahan para bumili ng mga kinakailangang instrumento o kagamitan.

Ang kaukulang tseke ng naturang personal na tulong-pinansyal ni Gob. Typoco ay tinanggap ng ingat-yaman ng Brgy. San Mauricio, Jose Panganiban na si Juliet San Jose.

Agad ipinaabot ng pamunuan ng nasabing paaralan ang kanilang pasasalamat sa mabilis na aksyon ng gobernaodr sa pamamagitan nina Mirasol de Monteverde, pangulo ng *DLC* at Ofelia Lamadrid, pangulo ng *General Parents and Teachers Association (GPTA)*. ***LT IBASCO***

# RPT updates...

**STATUS OF REAL PROPERTY TAX COLLECTIONS**
**BASIC AND SEF**
**as of 2nd Quarter ending June, 2008**

| Municipalities | Total Assessed Valuation as of December 31, 2006 TARGET | Total Real Property Tax Collectible (3)=(2) x 2% | Total Tax Reduction | Total Collectibles for CY 2007 (5)=(3)+(4) | Collection Previous Year | Collection Current Year | Total Collection | % Against Annual Target (10)/(5) | Rank |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Basud | 134,176,650.00 | 2,683,533.00 | 1,969,783.00 | 1,413,750.00 | 492,072.76 | 550,328.58 | 1,042,401.34 | 74% | 8 |
| Capalonga | 92,234,300.00 | 1,844,686.00 | 1,074,735.00 | 769,951.00 | 496,493.18 | 278,755.16 | 775,248.34 | 101% | 1 |
| Daet | 1,215,350,640.00 | 24,307,012.80 | 5,768,728.00 | 15,538,285.00 | 3,214,282.65 | 7,695,181.55 | 10,909,464.20 | 70% | 9 |
| J. Panganiban | 326,178,330.00 | 6,523,566.60 | 3,314,578.00 | 4,208,989.00 | 1,116,339.45 | 1,460,340.62 | 2,576,680.07 | 61% | 10 |
| Labo | 625,302,400.00 | 12,506,048.00 | 9,061,587.00 | 5,444,461.00 | 2,012,319.42 | 2,994,447.30 | 5,006,766.72 | 92% | 4 |
| Mercedes | 143,120,660.00 | 2,862,413.20 | 1,047,506.00 | 1,814,907.00 | 415,006.42 | 579,155.22 | 994,161.64 | 55% | 11 |
| Paracale | 218,073,660.00 | 4,361,473.20 | 1,593,846.00 | 2,467,627.00 | 430,915.09 | 841,496.98 | 1,272,412.07 | 52% | 12 |
| S. Lorenzo Ruiz | 75,800,060.00 | 1,516,001.20 | 1,167,503.00 | 548,498.00 | 252,867.90 | 272,713.84 | 525,581.74 | 96% | 3 |
| San Vicente | 47,315,630.00 | 946,312.60 | 745,925.00 | 400,388.00 | 145,023.32 | 256,805.58 | 401,828.90 | 100% | 2 |
| Sta. Elena | 186,860,790.00 | 3,737,215.80 | 1,229,151.00 | 2,308,065.00 | 948,673.18 | 806,189.84 | 1,754,863.02 | 76% | 7 |
| Talisay | 118,349,670.00 | 2,366,993.40 | 244,326.00 | 1,522,667.00 | 696,549.72 | 658,962.92 | 1,355,512.64 | 89% | 5 |
| Vinzons | 126,567,520.00 | 2,531,350.40 | 994,304.00 | 1,537,046.00 | 545,525.83 | 741919.96 | 1,287,445.79 | 84% | 6 |
| Total | 3,309,330,310.00 | **66,186,606.20** | 28,211,972.00 | 37,974,634.00 | 10,766,068.92 | 17,136,297.55 | 27,902,366.47 | 73% | |

# MDCC ng LABO...

(Mula sa pahina 3)

*government emergency managers, schools and hospitals.*

Si *Capt.* Dan Erwin Nabayo ng *Philippine Air Force (PAF)* naman ang nanalo sa *individual category (surviving)* ng Gawad-Kalasag para sa *heroic act/deed of individuals/groups during emergency response and rescue operations.* Tinanghal ding *hall of famer* ang Olongapo Kabalikat sa Ginhawa, at ang Brgy. Carmen, Lungsod ng Cagayan de Oro para sa *urban category,*

Ginawaran din ng espesyal na pagkilala *(special citation)* sina Dr. Carlos C. Galvez, *Municipal Information Officer (MIO)* at nakatalagang *Municipal Civil Defense Deputized Coordinator (MCDDC)* ng bayan ng Labo; Cedric Daep, *Public Safety and Emergency Management Officer (PSEMO)* ng Lalawigan ng Albay, *RP Medical Teams to Myanmar*, at *Crisis and Disaster Management Directorate of Malaysia.*

Si Galvez ay pinarangalan dahil sa kanyang mahusay na pagganap bilang *MCDDC,* katangi-tanging paglilingkod sa pamayanan, epektibong pagpapatupad sa mga proyekto at aktibong pagsusulong sa *community-based disaster risk management (CBDRM).*

Binigyan din ng timbang na Gawad Kalasag *national selection committee* ang kanyang naging mahalagang papel sa *conceptualization and formulation* ng *Barangay Emergency Response Teams (BERTs)* at Super Batang Kalasag (SBK), inisyatibo na napili bilang isa sa mga *best practices* ng CBDRAM sa Pilipinas. Ito ang naging daan upang mahirang ang bayan ng Labo bilang *Best Municipal Disaster Coordinating Council* para sa mga taong 2004, 2006 at 2007.

Matatandaan din na si Galvez ay makailang ulit nang nahirang na *Best Performing Civil Defense Deputized Coordinator* ng Rehyong Bikol simula taong 2004 hanggang 2007.

Siya rin ang kasalukuyang pangulo at *vice chairman of the board* ng *Disaster Risk and Emergency Action Managers (DREAM BICOL),* ang samahan ng mga *local civil defense deputized coordinators* ng Rehyong Bikol. ***LANI V. LAGATUZ, PIA CNORTE/ LT IBASCO***

# CNorte nagsagawa...

(Mula sa pahina 10)

naturang *food summit*, makabubuo ng mga istratehiya para mapataas ang produksyon ng mga magsasaka, nghahayupan at mangingisda na konti lamang ang gastusin nang sa gayon ay tumaas ang kanilang kita at mahikayat ang marami na mamuhunan sa sektor ng agrikultura.

Itinaguyod ito ng administrasyon ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriulturist (OPAg).* Aktibo naman itong sinuportahan nina Bokal Jonah G. Pimentel at Romeo R. Marmol na gumawa ng kaukulang inisyatibo para mapunduhan ang naturang gawain.

Ito ay bilang suporta na rin ng pamahalaang panlalwigan sa *food security program* ng pamalaang nasyonal na naglalayong matiyak ang sapat na suplay ng pagkain sa bansa at mapababa ang insidente ng kahirapan at malnutrisyon. ***LT IBASCO***

# Pagtatatag ng National Competency Standard for CeC Knowledge Workers Isinagawa

Dumalo noong Agosto 19-22, 2008 sa isang *workshop* sa *Marco Vincent Resort, White Beach*, Puerto Galera, Oriental Mindoro si Gg. Purita P. Briñas, hepe ng *Community Affairs Office – Governor's Office* kabilang na ang 19 pang kalahok galing sa iba't-ibang bahagi ng bansa kaugnay ng paanyaya ng *Commission on Information Communication Technology (CICT)* sa pamamagitan ni Ms. Maria Teresa M. Camba, tagapangulo ng *Community eCenter (CeC) Program* at *National Computer Center (NCC)* sa layuning makapagtatag ng *national competency standard* para sa mga *CeC managers* at *support staff.*

Pinag-*finalize* ng mga nagsidalo sa nasabing workshop ang mga kinakailangang kaalaman at kasanayan ng mga CeC *knowledge workers*; kinilala ang mga *performance indicators* para sa bawa't huwarang *skill set*, at binalangkas ang mga proseso ng pagsunod at pagsasakatuparan nito.

Una rito, naanyayahan na rin si Gng. Briñas noong May 28, 2008 sa *NCC-CICT*, UP Diliman, Quezon City sa isang *Focus Group Discussion (FGD)* upang makapagbuo at kilalanin ang mga batayang pangkat ng kaalaman at kasanayan na dapat taglayin ng *CeC Manager* at *support staff* nito upang makatulong at mabigyang-kapangyarihan (*empowerment*) ang mga komunidad sa kanayunan man ó sa kabayanan upang magamit ang *information and communication technology* (ICT) para maging daan sa madaliang pagkakaroon ng huli ng mga pangunahing serbisyong panlipunan at mas madali ang mga serbisyong pang-ekonomiya na ipinagkakaloob. ng pamahalaan

Sa nasabing gawaing ito, ipinaggiitan ni Gng. Briñas na maipasok bilang bahagi ng *soft skill* ng isang CeC *manager* at *support staff* ang isyu ng "*social responsibility*" kung saan hiniling din niya na huwag ituon lamang ang pansin sa pagkakakitaan at pag-unlad sa teknolohiya ng mga pamayanan bagkus tingnan din ang negatibong epekto nito sa mga kabataang gumagamit ng *internet* tulad ng pagkakalulong sa *computer games* ó di kaya ay ang *online gambling* sa panahong dapat silang nag-aaral ng kanilang leksyon. Hiniling din ni Gng. Briñas ang paglalagay ng mga *blocking* ó *filtering system* sa mga *computers* na may *internet access* nang sa ganun maiwasan ang pag-*access* ng mga kabataan sa mga nagpa-*pop up* na mga *pornographic sites* at iba pang *prohibited sites* na hindi nababagay sa kanila.

Bahagi ng nasabing *soft skill,* ang paglalagay ng *filtering* ó *blocking system* sa mga *computers* sa *technical skills,* para sa *national competency standard* ng *CeC knowledge workers,* na isinusulong rin ng isang lokal na ordinansa rito ó ng *Provincial Ordinance No. 10-2008* na ipinasa ng Sangguniang Panlalawigan sa pamamagitan ni Bokal Pamela M. Pardo at naaprobahan naman ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. noong Mayo 21, 2008. */Angel SDG*




***Ang nasa larawan ay isang grupo lamang ng mga nag-workshop upang makapagsagawa ng national competency standard para sa mga Knowledge workers ng Community Electronics Centers (CeCs) sa buong bansa. Sila ang bumubuo ng Group A na kinabibilangan nina: (mula sa kaliwa, nakaupo) Gelly Maypa, FITS-Aklan; Agnes Paraon, LGU-Roxas, Or. Mindoro; Purita Briñas, LGU-Camarines Norte; Tess Camba, CICT-NCC; (nakatayo) Paulo Cagara, LGU-Upi, Maguindanao, at; Michael Ramos, Molave Dev't Foundation, Inc. Sumali rin dito si Ms. Terry Torremonia ng CICT-NCC at si Liz Azarcon ng Asian Institute of Journalism & Communication.***

# CNorte nakiisa...

(Mula sa pahina 1)

munuan ni Abel C. Icatlo, *Museum Curator I.*

Kabilang dito ang paligsahan para sa Maikling Pagkukuwento, at Balagtasan na nilahukan ng mga mag-aaral mula sa pribado at pampublikong elementarya sa lalawigan na isinagawa sa ganap na ika-1 n.h. sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol* sa ika-25 at 27 ng Agosto, ayon sa pagkakasunod.

Nakuha ni Jan Patrick M. Abierta ng Calasgasan Elem. School ang unang gantimpala para sa Maikling Pagkukuwento; ikalawang gantimpala – Ma. Allysa C. Roncesvalles, *Basud Elem. School*, at; ikatlong gantimpala – Roden Louie P. Ibita, *Talisay Elem. School*.

Ang unang gantimpala naman para sa Balagtasan ay naiuwi nina Maridel Austria, Ralph John Rafael at Rafael Owen Lapidario ng *Mercedes Elem. School*; ikalawang gantimpala – Ana Maria Daria, Roque Carillo at Drexil Castro ng *Calasgasan Elem. School*, at; ikatlong gantimpala – Roxanne Elaine O. de Leon, Marifler L. Ramores at Jessica P. Silvio ng *Talisay Elem. School*.

Nagtagisan naman ng husay sa timpalak sa Madulang Sabayang Pagbigkas ang mga mag-aaral mula sa iba't-ibang pribado at pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan. Nangibabaw rito ang grupo ng *Camarines Norte College*–Labo c/o Angeles C. Magadia na nakuha ang unang gantimpala; pumangalawa ang La *Consolacion College* –Daet c/o Perlito Bacuño, at; pumangatlo ang *Camarines Norte State College (CNSC)*– Labo *Campus* c/o Edwin Ichiano.

Bilang karagdagan, ang balagtasan ay isang sining kung saan inilalahad sa isang uri ng panitikan ang mga saloobin o mga nais ipahayag ng isang tao sa pamamagitan ng pananalitang may mga tugma sa huli *(rhyme)*. Isa itong uri ng pagtatalo ng dalawang magkaibang panig ukol sa isang paksa.

Matatandaan din na ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 ng bawat taon ay alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041 na ipinalabas ni dating Pangulong Fidel V. Ramos. Itinatadhana rin ng Konstitusyon ng 1987 ang Wikang Filipino bilang Wikang Pambansa na dapat payabungin at pagyamanin, kinakailangan itong gamitin at linangin upang magsilbing mabisang instrumento ng pag-uugnayan, pagkakaisa at kapayapaan ng bawat mamamayang Pilipino. ***LT IBASCO***



BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN
TAON 8, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

Ipinaabot ng Sangguniang Bayan ng Mercedes ang kanilang taus-pusong pasasalamat kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. dahil sa tulong pinasyal na nagkakahalaga ng 1 milyong piso na ipinagkaloob ng butihing gobernador para sa konstruksyon ng Liga Hall ng Liga ng mga Barangay sa nasabing bayan.

Ang pagpapasalamat ay ipina-

(Sundan sa pahina 6)

# Gob. Typoco nagbigay ng P1M tulong pinansyal sa LGU Mercedes




*Ang isinagawang 2008 Food Summit (1st Area Wide Consultation for Fisheries and Agriculture) sa Golden Palace Restaurant, Daet ay itinaguyod ni Gob. Jesus O. Typoco Jr. at ng Sangguniang Panlalawigan, sa pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist. Dinaluhan ito ng mga matataas na opisyal mula sa mga kinauukulang pamahalaang lokal at nasyonal, at mga magsasaka na siyang pangunahing katuwang ng pamahalaan upang makamit ang tema ng okasyon na, "Pagyamanin ang Sakahan at Pangisdaan tungo sa Maunlad na Kinabukasan".*




# CNorte nagsagawa ng malawakang konsultasyon sa industriya ng pagsasaka at pangisdaan

Isinagawa ang 2008 *Food Summit (Camarines Norte Area-Wide Consultation on Agriculture and Fisheries)* na may temang, "Pagyamanin ang Sakahan at Pangisdaan tungo sa Maunlad na Kinabukasan" noong Agosto 14, 2008 sa 3rd *floor* ng *Golden Palace Restaurant, Daet.*

Dumalo rito ang humigit-kumulang sa 158 katao na kinabibilangan ng mga nagtatanim ng palay, mais, *high value commercial crops (HVCCs)* tulad ng pinya, kalabasa at iba pa; mga naghahayupan at mga mangingisda sa lalawigan.

Layunin nito na makakalap ng mga kaukulang isyu at problema na nai-engkwentro ng mga kababayan natin na kabilang sa sektor na pansakahan, hayupan at pangisdaan.

Ang mga makukuhang detalye at impormasyon dito ang siyang gagamiting basehan ng pamahalaang panlalawigan sa pagpaplano ng mga programa at proyektong pang-agrikultura na ipatutupad nito sa susunod na taon sa ilalim ng regular na programa ng *OPAg.*

Inaasahan din na sa pamamagitan ng

(Sundan sa pahina 9)

